ABISO NG PAMPUBLIKONG PADINIG

CONSORTIUM NG COUNTY NG SAN DIEGO
PINAGSAMA-SAMANG TAUNANG PERFORMANCE AT ULAT SA PAGSUSURI PARA SA 2022-23
TULONG NA SUPORTA PARA SA PAGBIBIGAY NG MAAYOS NA BAHAY AT PAGPAPAGANDA NG KOMUNIDAD (COMMUNITY DEVELOPMENT BLOCK GRANT), MGA PAGSOSOSYO SA PAMUMUHUNAN SA BAHAY, MGA PAGBIBIGAY NG PABAHAY PARA SA MGA TAONG MAY AIDS AT MGA PROGRAMA SA PAGBIBIGAY NG GAWAD NA SALAPI PARA SA PANG-EMERGENCY NA SOLUSYON

Ibinibigay ang abisong ito para sabihin na magsasagawa ang Board of Supervisors ng pampublikong padinig nang 9:00 a.m. sa Setyembre 12, 2023, sa Room 310 sa County Administration Center, 1600 Pacific Highway, San Diego, CA tungkol sa Pinagsama-samang Taunang Performance at Ulat sa Pagsusuri (Consolidated Annual Performance and Evaluation Report, CAPER) para sa 2022-23 na Taon ng Pananalapi (Fiscal Year, FY).

Bawat taon, dapat magsumite ang County ng CAPER na naglalarawan sa mga nagawa ng programa sa nakaraang taon ng pananalapi para sa Tulong na Suporta para sa Pagbibigay ng Maayos na Pabahay at Pagpapaganda ng Komunidad (Community Development Block Grant, CDBG), Mga Pagsososyo sa Pamumuhunan sa Bahay (HOME), Gawad na Salapi Para sa Pang-emergency na Solusyon (Emergency Solutions Grant, ESG), at Mga Pagbibigay ng Pabahay para sa Mga Taong may AIDS (Housing Opportunities for Persons with AIDS, HOPWA). Pinopondohan ng CDBG at ESG na Mga Programa ng San Diego "Urban County" ang pabahay, pagpapaganda ng komunidad at mga serbisyo at aktibidad para sa walang tirahan sa unincorporated area at sa anim na kalahok na lungsod (Coronado, Del Mar, Imperial Beach, Lemon Grove, Poway, at Solana Beach). Ang Programa ng San Diego County HOME Consortium ay nagbibigay ng mga pondo para sa mga aktibidad sa pabahay sa mga lugar ng CDBG at ESG na Programa pati rin sa anim na lungsod ng Consortium (Carlsbad, Encinitas, La Mesa, San Marcos, Santee, at Vista). Ang programang HOPWA ay nagbibigay ng pondo para sa pabahay at mga serbisyo na may kaugnayan sa pabahay para sa mga taong namumuhay nang may HIV/AIDS at ang kanilang mga pamilya sa buong County ng San Diego.

Inaanyayahan ang publiko na dumalo sa pampublikong pagdinig para magkomento sa 2022-23 CAPER. Maaari ring magbigay ang publiko ng mga komento sa pamamagitan ng pagsulat sa loob ng 15 araw na panahon para magbigay ng komento na matatapos sa Setyembre 12, 2023. Maaaring ma-access ang CAPER sa elektronikong paraan sa www.sdhcd.com.

Ang mga nakasulat na komento ay dapat ipadala sa Housing and Community Development Services, Community Development Division, 3989 Ruffin Road, San Diego, CA 92123, (858) 694-8756, o i-email sa: Community.Development@sdcounty.ca.gov. Ang mga bingi o may mahinang pandinig ay maaaring tumawag sa departamento sa (866) 945-2207. Ang mga kailangan ng tulong para sumali sa pagpupulong (hindi nagsasalita ng Ingles, may kapansanan sa pandinig, atbp.) ay dapat kontakin ang staff nang hindi bababa sa limang araw bago ang pagpupulong para humiling ng mga espesyal na pagsasaayos.